Kaya huwag kang magpasaksi sa akin, samakatuwid, sapagkat tunay na ako ay hindi sumasaksi sa isang pang-aapi

[Isinaysay] ayon kay An-Nu`mān bin Bashīr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Na ang ina niya na Anak ni Rawāḥah ay humiling sa ama niya ng bahagi ng kaloob mula sa yaman niyon para sa anak nito ngunit nag-antala iyon niyan ng isang taon, pagkatapos lumitaw roon [na ibigay] kaya nagsabi naman ito: "Hindi ako nalulugod hanggang sa magpasaksi ka sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ipinagkaloob mo sa anak ko." [Nagsanaysay naman si An-Nu`mān]: Kaya humawak ang ama ko sa kamay ko noong ako sa araw na iyon ay isang bata saka pumunta siya sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi siya: "Tunay na ang ina nito na Anak ni Rawāḥah ay nasisiyahan na magpasaksi ako sa iyo sa pagkaloob ko sa anak niya." Kaya nagsabi naman ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O Bashīr, may anak ka ba bukod pa rito?" Nagsabi siya: "Opo." Kaya nagsabi ito: "Sa lahat sa kanila ba ay nagkaloob ka ng tulad dito?" Nagsabi siya: "Hindi po." Nagsabi ito: "Kaya huwag kang magpasaksi sa akin, samakatuwid, sapagkat tunay na ako ay hindi sumasaksi sa isang pang-aapi."} Batay kay Imām Muslim: {"Ngunit magpasaksi ka rito sa iba pa sa akin."}

[Tumpak] [Napagkasunduan sa katumpakan nito at mayroon itong ilang pagkakasambit]

Nagpabatid si An-Nu`mān bin Bashīr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na ang ina niya na si `Amrah na Anak ni Rawāḥah (malugod si Allāh sa kanya) ay humiling sa ama niya ng bahagi ng kaloob mula sa yaman niyon para sa anak nito ngunit nagkupad-kuparan iyon at nagpaliban iyon niyan ng isang taon, pagkatapos lumitaw roon na tumugon dito sa hiling nito para ibigay sa anak nitong si An-Nu`mān kaya nagsabi naman ito: "Hindi ako nalulugod hanggang sa magpasaksi ka sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ipinagkaloob mo sa anak ko." [Nagsanaysay naman si An-Nu`mān]: "Kaya humawak ang ama ko sa kamay ko noong ako sa araw na iyon ay isang bata saka pumunta siya sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi siya: "O Sugo ni Allāh, tunay na ang ina nito na Anak ni Rawāḥah ay nasisiyahan na magpasaksi ako sa iyo sa pagkaloob ko sa anak niya." Kaya nagsabi naman ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O Bashīr, may anak ka ba bukod pa rito?" Nagsabi siya: "Opo." Kaya nagsabi ito: "Sa lahat sa kanila ba ay nagkaloob ka ng tulad dito?" Nagsabi siya: "Hindi po." Nagsabi ito: "Kaya huwag kang magpasaksi sa akin, samakatuwid, sapagkat tunay na ako ay hindi sumasaksi sa isang pang-aapi at kawalang-katarungan." Batay kay Imām Muslim, nagsabi ito: "Subalit magpasaksi ka sa kawalang-katarungang ito sa iba pa sa akin."